Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ENERO 4,2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:** Wala

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 19-01-005

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI BB. BABY AMOR C. CRUZAT, SECONDARY SCHOOL TEACHER I, BULALACAO NATIONAL HIGH SCHOOL-MAIN CAMPUS, CAMPAASAN BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** si Bb. Baby Amor C. Cruzat na nakatira sa Barangay Campaasan, Bulalacao, Oriental Mindoro na nagmula sa Barangay Zone I, Socorro, Oriental Mindoro ay sumakabilang-buhay noong Enero 2,2019 sanhi ng malubhang sakit sa edad na dalawampu't pito (27) na taong gulang;

**"SAPAGKAT,** si Bb. Cruzat ay nagsilbi sa Kagawaran ng Edukasyon bilang Secondary School Teacher I simula taong 2013 sa Bulalacao National High School Main Campus, Campaasan, Bulalacao, Oriental Mindoro at natalaga rin bilang Information Technology Teacher;

**"SAPAGKAT,** si Madam Baby Amor C. Cruzat ay aktibong naglingkod hindi lamang bilang isang guro kundi maging sa komunidad katunayan nito siya ay kasapi ng CFC-Singles for Christ at Lectors of the Word in the Eucharistic Celebration (LWEC);

**"SAPAGKAT,** ang kanyang didikasyon sa trabaho at pagmamalasakit sa mga kabataan ay hindi matatawaran sapagkat sa kabila ng kanyang karamdaman ay masigla siyang nagtatrabaho upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya gayundin ay buong-puso niyang ginampanan ang kanyang sinumpaang tungkulin bilang guro ng Bulalacao National Highschool hanggang sa siya ay igupo ng kanyang sakit;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Madam Baby Amor ay nagdulot ng lungkot at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang Maylikha ng lahat at kung saan hindi na niya maramdaman ang hirap na dulot ng kanyang sakit; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni Bb. Baby Amor C. Cruzat, Secondary School Teacher I, Bulalacao National High School, Campaasan, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Teresita S. Bantugan at SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Enero 4,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG.TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Jan. 11, 2019

190104/bms

Scanned with CamScanner